NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Abril 15, 2019



# PANG-SEMANA SANTA NA ISYU

MANILA BULLETIN
PUBLISHING
9 771165 698142
ISSN 1656-98-14

ESM
BOOKSTORE
Fax (02) 435-1882 / 930-9728
CP# 09052849354

Larawang kuha ni Wilson Fernandez

...ang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


## NOBELA

6 **Kung Dumating Ang Pag-ibig (26)**
*Efren Abueg*

9 **Saka Na Lang Kita Mamahalin(3)**
*Neri Jedeliz*

12 **Higit Na Matibay (18)**
*Armando T. Javier*

## KUWENTO

4 **Ang Huling Gagamutin Ni Yesuah**
*Ester Aragon*

14 **Ang Ikalabintatlong Disipulo**
*Rufino C. Crisolo*

16 **Ang Alibughang Ama**
*Armando T. Javier*

18 **Papasanin Ko Ang Krus Ni Tatay**
*Pat V. Villafuerte*

## LATHALAIN

20 **Diwa Ng Kuwaresma Matatagpuan Sa Sacred Heart**
*Lilia Borlongan-Alvarez*

22 **Ang Paskua At Ang Huling Hapunan**
*Fernando B. Sanchez*

24 **Pagdalo Sa Retreat: Ang Tunay Na Tanda Ng Paggunita Ng Kuwaresma**
*Onil Lavares*

## KOMIKS

28 **Sa Mundong Iyon... (30)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

31 **Ako At Ako Lamang (51)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles /Rico Rival*

38 **Doro Dora**
*William Contreras*

## TULA

40 **Mobius Strip**
*Richel Dorotan*

## KOLUM

26 **Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

36 **Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*

## SHOWBIZ

28 **Lance Raymundo, Malaking Challenge Ang Pagganap Bilang Jesus Sa Martir Sa Golgota**
*Nonie V. Nicasio*

29 **Chanel Latorre, Masayang Maging Bahagi Ng Digital Series Na Bagman**
*Maricris V. Nicasio*

## LIBANGAN

37 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

37 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

38 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*

38 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

38 **Magtawanan Tayo!**
*Simeon Sorrosa*




# ANG HULING GAGAMUTIN NI YESUAH*

Ni ESTER ARAGON




**Mayamaya, may nagsigawan ilang hakbang mula sa kaniyang kinaroroonan. Pagtanaw niya sa dakong iyon, lumitaw ang isang lalaking may pasang isang malaking krus at may saklob na koronang tinik sa ulo.**

**NAPANGITI** si Yael habang minamasid si Hezekiah sa pagtanaw sa Lambak ng M'akob. Nasa lilim sila ng isang punongkahoy sa dulo ng landas na narating ng kanilang buriko mula sa Hebron. Hindi na gaanong mataiktik ang init ng araw at may hangin nang nanggagaling sa silangan.

"Ramdam ko ang mabuting kalooban ng asawa ko kapag nakikita ko'ng gandang lalaki niya kahit dumaraan kami ngayon sa pagsubok!" naibulong niya sa sarili.

Nakangiting tinawagan niya ito ng

pansin. "Pahinga muna tayo rito bago lumusong sa lambak. Ibaba mo na si Arik at nang makapahinga naman ang ating buriko."

Kumilos naman agad si Hezekiah at nagsasalitang ibinaba mula sa buriko ang may sampung taong gulang nilang anak.

"Paano 'yung balita sa Hebron na isasara na ang tapunan ng mga ketongin sa lugar na ito?"

"Hindi 'yon totoo, mahal kong asawa!" Tumaas ang boses ni Hezekiah. "Kung sampu ang napagaling ni Yeshua na mga ketongin, doble naman ang dumarating sa M'akob!"

Tumanaw sa langit si Yael. Nakakita siya ng dalawang buwitre na lumiligid sa itaas ng M'akob, ngunit lumayo na rin pagkaraan ng ilang pagsisid.

"Nasabi ko lang 'yon dahil bago tayo umalis sa Hebron, usapang galit na galit daw si Caiphas, ang mataas na saserdote sa Jerusalem. Nakarating na raw sa Roma ang balitang pagbuhay ni Yeshua kay Lazarus at panggagamot Niya sa tapunan ng mga ketongin!"

Naihiga na ni Hezekiah ang katawan ni Arik sa makapal na telang nailatag ni Yael sa pagitan ng dalawang ugat ng malilim na punongkahoy. Naidlip agad ang bata.

"Hezekiah…anong kapalaran ito at nagkaketong si Arik? Wala naman tayong ginawang masama sa sino mang tao!"

Nakatitig lamang sa kaniya si Hezekiah. Nakatiim-bagang ito na parang nag-iisip. Siya, ang kabiyak nito, ang nakadama nang malakas na unos sa kalooban nito!

"Manalig ka, Yael. Kung kaloob ng makasalanang mundong ito ang sakit na 'yan, nariyan na si Yeshua na magpapagaling sa kaniya!"

"Naniniwala ka talaga sa Kaniya?"

"Marami na Siyang ginawang himala. May sabi-sabi na makasalanan ang tagasunod Niyang si Magdalena, ngunit bakit nila kasama sa kanilang pangkat?"

Nasabi ni Hezekiah na ibig nitong maging tagasunod ni Yeshua, ngunit nakilala siya at umibig ito sa kaniya. At iyon ang ikinagusto niya rito. Uunahin nito ang kapakanan niya bago ang sa iba!

Nagising si Arik nang kumiling na ang araw sa kanluran. Humingi ito ng kapirasong tinapay at tubig. Naawa si Yael sa kaniyang anak. May mamula-mula itong mga patse sa katawan at unti-unting pinupungos ng ketong ang tatlong daliri nito.

Hindi makatkat sa isip niya ang pag-uusisa ni Arik tungkol sa sakit nito. "Bakit ako lang, Ina? Wala po akong alam na ginawang kasalanan!"

"Anak…sabi ng ama mo, ipinangangaral ni Yesuah na may kasalanan tayong ginawa sa malupit na mundong ito. Narito naman Siya na tutubos sa atin sa mga kasalanan iyan. Kaya nga malapit na tayo kay Yesuah sa Lambak ng M'akob. Nanggagamot Siya roon…daan-daan na ang nakauuwi na wala nang ketong!"

Hindi na binanggit ni Yael na kailangan ang panahon para makausap si Yesuah. Hindi Siya madaling matunton dahil nangangaral pa Siya ng mga Salita ng Diyos sa maraming lugar!

Hanggang isang araw, humahangos na umuwi si Hezekiah, nagbabalitang nag-utos na si Caiphas na dakpin na si Yesuah.

"Bakit? Ano ang Kaniyang kasalanan?" usisa ni Yael.

"Magpagaling ng mga maysakit at bumuhay ng mga patay. Natatakot ang mga opisyal sa Roma na manguna si Yesuah sa kumakalat na banta ng himagsikan. Ayaw nilang maulit ang kasaysayan ng Masada, isang tanggulan sa mataas na bundok na tanaw ang Dagat-Galilee. Ayon sa kasaysayan, dito nagkuta ang kulang-kulang na isang libong Hudyo na ayaw sumuko sa kapangyarihan ng Roma. Nang makagawa nang mataas na rampa ng mga Romano para paulanan nang malalaking bato mula roon ang mga rebeldeng Hudyo, hindi sila sumuko at nagpasiyang doon na sila mamamatay!"

Minsan pang tumanaw si Yael sa Lambak ng M'akob. Malinis na ang kalawakan sa nag-aabang na mga buwitre.

"Habang may araw pa, bumaba na tayo. Mapanganib kung dito tayo abutin ng gabi!" narinig niyang sabi ni Hezekiah.

Gising na noon si Arik. Itinatanong kung malapit na sila sa lugar ng manggagamot.

"Oo, Arik, pagagalingin ka na Niya!" Nagkunwa siyang masaya.

*Sana, narito pa si Yesuah…kailangan po Siya ng aking anak!"*

Ginulo ni Yael ang buhok ni Arik. Ngumiti naman ito at napakarga kay Hezekiah para muling maisakay sa buriko.

*Pumunta kayo sa kuweba ng tagatanggap ng mga pagkain at iba pang tulong para sa mga ketongin. Ang mag-asawang naroroon ang magsasabi sa inyo kung nasaan si Yesuah!*

Nakita agad nila ang kuweba—may palatandaan ng dalawang malapad na bato sa bungad na lalagyan ng tulong ng sino mang dumating.

"Magdadala pa kayo ng tulong sa mga kaawa-awa?" Parang nagtatakang salubong sa kanila ng mag-asawang naroroon.

Umiling si Yael. "Dukha lang po kami at walang maibibigay na tulong. Narito po kami para ipagamot ang aming anak. Pakitulungan mo na po kami na makaharap si Yeshua!

Parang nagtaka ang dalawa. "Aba! Wala na po rito… bumalik na sa Jerusalem. Wala na po kahit isang ketongin na gagamutin si Maestro!"

Nakaramdam si Yael ng bigat na dumagan sa kaniya. Nagkasalisi silang mag-anak at si Yesuah, kasama ng mga tagasunod Niya.

"Inaayos na lamang namin ang mga bagay-bagay sa kuwebang ito. May hinihintay na lang po kami bago umalis!"

Napahawak si Yael sa braso ng asawa. Parang kandilang nauupos siya sa harap ng altar ng mga sambahan.

"Huwag tayong panghinaan ng loob, Yael" narinig niyang sinasabi ni Hezekiah. "Tingnan mo'ng anak mo, parang biglang sumigla!"

"Salamat po, mga nakatatanda sa akin. Susundan po namin Siya sa Jerusalem. Makikita po Niya ako. Pagagalingin po Niya ako!" Isang maningning na larawan ng sigla't pag-asa si Arik habang nakikipag-usap sa waring mag-asawang naroroon.

Bumaling nga si Yael kay Arik. Napalapit siya rito, kasunod si Hezekiah. Saka bumaling siya sa dalawang kausap. "Pakiisa-isa lang po ninyo sa amin ang mga landas na dinaan ni Yeshua. Hahanapin po namin Siya kung saan man Siya naroroon."

GUTOM, makati ang katawan sa paglalakbay sa mga gulod at mga kabatuhan, umupa sila sa Jerusalem ng isang kubol para sa magdamag at makapaligo sa balon sa likod nito. Kinaumagahan, magaan na ang mga katawan, sakay na uli

(Sundan sa pahina 27)

**Hanggang saan ang pananalig nina Yael at Hezekiah na magagamot ni Yesuah ang kanilang anak na si Arik sa sakit na ketong?**



Lawarang mula sa Google

# Diwa ng Kuwaresma Matatagpuan sa *Sacred Art*

Ni LILIA BORLONGAN-ALVAREZ

BAGAMA'T pagbabalik-loob ang tema ng paggunita ng kuwaresma, madaling naaantig ang damdamin ng mga Kristiyano kapag nakakakita sila ng mga imahen ni Kristong nagdurusa o nakapako sa krus. Ang tawag dito'y *sacred art*.

Ang pinakapopular na *sacred art* ay isang higanteng estatwa na nililok noon pang ika-15 siglo. Ipinakikita nito ang matinding kalungkutan ng Birheng Maria sa pagpapakasakit at pagkamatay ng kanyang anak na si Jesus. Ito'y kilala sa tawag na "Pieta". Ipinakikita nito si Maria na nakatingin sa walang buhay na si Jesus na kanyang kalong-kalong. Ito'y mas malaki kaysa isang *life-sized* na estatwa. Ito ri'y nakaluklok sa isang altar sa kanang bahagi ng pasukan ng St. Peter's Basilica sa Rome.

May isa ring tulang isinulat noong ika-14 siglo tungkol sa patay na si Jesus habang pinagmamasdan Siya ng Kanyang ina na nasa kanyang kanlungan. Binubuo ang tula ng 10 taludtod na may limang linya bawat isa. Pinamagatan itong "Stabat Mater Dolorosa" (ang Latin ng "The Sorrowful Mother Stood By"). Inilalarawan ng tulang ito ang kalungkutang nadarama ng isang ina sa kaibuturan ng kanyang puso. Yapos-yapos ng ina ang krus kung saan nakabayubay ang kanyang anak.

### ANG NASA ISIP NI MARIA

NATAPOS lilukin ni Michaelangelo ang "Pieta" noong 1499 nang siya'y 24 anyos lamang. Dalawa pang "Pieta" ang nililok niya para sa dalawang *shrine*. Dahil dito'y naging kilala si Michaelangelo bilang "pinakamahusay na eskultor ng lahat ng henerasyon."

Sasagi sa isip ng sinumang magsusuri ng "Pieta" ang mga nagdaang pangyayari. Maaaring sumagi sa isip ni Maria ang mga ito habang hinahaplos niya ang walang buhay na katawan ng kanyang anak. Maaaring inalaala niya ang pagpapakita sa kanya ng anghel sa Nazareth, ang pagluluwal niya kay Jesus sa isang sabsaban sa Bethlehem, ang paglikas nila sa Ehipto upang makatakas sa buhong na si Herodes, at ang pagkawala ni Jesus sa templo ng Jerusalem.

Maaaring sumagi rin sa kanyang isip kung paano inalipusta at pinagpakasakit ang kanyang anak, kung paano Siya pinutungan ng koronang tinik, at kung paano Siya pinagpasan ng mabigat na krus patungo sa Kalbaryo.

### SINAUNANG BERSO

SA loob ng maraming taon, ang tulang "Stabat Mater" ay nasa liturhiya ng Misa at sa libro ng mga panalanging ginagamit ng mga pari na tinatawag na *breviary*. Ito'y isinulat ng isang prayleng Pransiskano, si Jacopone de Todi, noong taong 1306.

Binibigyang buhay nito ang matinding pagkalugmok at pighati ni Maria na nakatayo sa paanan ng krus. Ipinahihiwatig ng unang limang taludtod ang pagdadalamhati ng isang ina, samantalang inilalarawan ng huling limang taludtod ang kanyang mga hinaing at pagsusumamo.

Sa isang taludtod ay mababasa ito: *"is there one who would not weep, overwhelmed in miseries so deep. Christ's dear mother to behold? Can the human heart refrain from partaking in her pain, in that mother's pain untold?"*

Binibigyang-diin ng "Pieta" ang katotohanang magkasama lagi ang ina at ang kanyang anak sa ligaya at kalungkutan, sa ginhawa at pait. Hindi maihihiwalay ang inang nagluluksa sa kanyang anak na dumanas ng matinding paghihirap. Sa kabilang banda, ipinahihiwatig ng "Stabat Mater" na napakahalaga ng buhay ng tao (at ito'y hindi maaaring ilarawan ninuman). Inilalahad ng tulang ito na ang paghihirap at pagdurusa ng tao'y may kahalagahan at kakayahang magligtas sa tao. L

**ANG IKALABINTATLONG...**
(Mula sa pahina 15)

bangka, itinaas ang dalawang kamay at pinatigil ang hangin...at pinatag ang dagat.

"Tunay na Anak ng Diyos ang Maestro," bulong sa sarili ni Amnon. "Maging ang hangin at karagatan ay sumusunod sa Kanya."

Lalong nabalani si Amnon sa mga sumunod pang himala na ginawa ni Jesus kaya nga't hindi na niya ginawang humiwalay pa sa Maestro.

Nang gabing iyon ay umakyat sa bundok si Hesus upang magpahinga at manalangin. Magdamag Siyang nawala at nang bumalik kinaumagahan ay tinawag Niyang lahat ang Kanyang mga tagasunod at pumili ng labindalawa na Aniya'y kakatawan sa labindalawang tribu ng Israel. Tinawag Niya sa Kanyang tabi ang magkapatid na Andres at Pedro, ang magkapatid na Juan at Jaime, na mga anak ni Zebedee, sina Bartolome at Felipe, na taga-Cana, isang nagngangalang Tomas, ang kolektor ng buwis na si Mateo, si Jaime na anak ni Alfeo, si Tadeo na anak ni Jaime, isa pang nagngangalang Simon, at si Judas Escariote, na natatanging hindi taga-Galilea.

Habang tinatawag ni Jesus ang Aniya'y magpapatuloy ng Kanyang pangangaral kapag Siya'y nasa piling na ng Kanyang Ama sa langit, ay binibilang-bilang ni Amnon sa mga daliri ang bawat pagbanggit sa pangalan sapagkat sa dinami-dami ng mga naroroong matatapat na disipulo, iniisip niyang malaki ang kanyang karapatang mapabilang sa labindalawa. Yaon ay sapagkat buong puso at panahon ang ginawa niyang paglilingkod sa Maestro. Ngunit nabigo siya. Gayon pa man, umaasa pa rin siyang mapapansin siya ni Jesus at isang araw ay magigising na lamang siyang inaatangan na ng Maestro ng tungkuling katulad ng ibinigay Niya sa naunang labindalawang disipulo. Bakit nga ba kailangang labindalawa lamang ang hirangin ni Jesus? Gayunman, tiwala siyang kung magkakaroon ng ikalabintatlo, siya yaon.



Ang sukdulan ng kanyang pagsampalataya sa kapangyarihan ni Jesus ay noong araw na nalaman niya na namatay, at apat na araw nang nakalibing, ang kaibigang si Lazaro, ng Betanya. Mula sa pagkakahimlay ng bangkay sa malapad na bato sa loob ng lunggang libingan ay tinawag ni Jesus ang pangalan ni Lazaro...na bumangon at muling nabuhay.

NAKAKITA ng punongkahoy si Amnon. Humihingal na naupo siya sa lilim niyon at nagsimulang kumain ng baong tinapay. Dalawang oras pa siyang maglalakbay bago marating ang Jerusalem.

Pagkalipas ng halos tatlong taon ay nakaramdam siya ng pananabik sa bayang sinilangan at sa kanyang inang si Edra at kapatid na si Edom. Masyadong napaukol at naagaw ng paglilingkod kay Jesus ang kanyang panahon. Kumusta na kaya ang kanyang ina na noong siya'y umalis ay dumaraing ng panlalabo ng mga mata sanhi marahil ng sobrang sipag at pagod sa paghahabi nang makakapal na alampay at mga makukulay na damit na ipinagbibili sa tabi ng templo.

Biglang may sumundot sa isip ni Amnon. Kung ang isang patay na nakalibing na ay nagawang buhayin ni Jesus, at maraming mga bulag na ang nabigyang-liwanag Niya, ang kanya pa kayang inang si Edra ang hindi Niya biyayaan ng ganoong himala? Natitiyak niya, hindi tatanggi ang kanyang Maestro kapag hiniling niya ang biyayang iyon.

Nang makapamahinga ay muling sumalisod sa mabato at maalikabok na daan ang kanyang mga paa. Naragdagan ngayon ang kanyang sigla at pananabik sa ina at kapatid.

Mababa na ang araw nang sapitin ni Amnon ang kanilang tahanan. Umiiyak na yumakap sa kanya si Edom.

"Ikinalulungkot ko, Ina. Tuluyan ka na palang nawalan ng paningin. Pero, Ina, konti na lamang panahon. Makakakita kang muli. Pangako," wika ni Amnon na punung-puno ng pag-asa ang tinig. "Bukas ay darating ang Maestro Jesus. Muli ka Niyang bibigyan ng liwanag. Basta maniwala ka lamang."

Inatasan niya si Edom na pakainin nang maayos, busugin nang husto ang asno o buriko nito na sasakyan ni Jesus sa kinabukasan.

Nang makakain ng hapunan ay parang hindi napagod si Amnon sa malayong paglalakbay mula sa Betanya. Lahat ng himala at milagrong nakita niya at nasaksihan kay Jesus ay malinaw at buong-buo niyang ikinuwento kay Edom at kay Edra.

Pagsapit ng bukang-liwayway, kinabukasan, ay naglakbay na ang magkapatid pasalubong sa daang panggagalingan ni Jesus, akay ni Edom ang buriko, at bitbit ni Amnon ang isang makapal na puting damit na hinabi ni Edra, na gagamitin ng Maestro na suladero o saping-upuan sa likod ng asno.

Hindi magkamayaw ang napakaraming taong sumalubong sa Maestro sa pagpasok Niya sa pinto ng Jerusalem, kabuntot ang labindalawang disipulo at libu-libong tagasunod. Bawat isa ay nag-alay ng bulaklak, dahon ng palma at maging bandana at alampay, na inilatag sa daraanan ni Jesus. Si Edom ang nag-aakay sa burikong sinasakyan ng Maestro.

Pagbaba ng Maestro sa buriko, sa gilid ng templo, ay lumaglag ang puting suladero na hindi nakuhang damputin ni Edom dahil sa napakaraming tao. Si Amnon ang nakadampot at agad niya iyong isinuksok sa kanyang sinturon, saka pinauwi na si Edom, akay ang asno.

Hindi na humiwalay si Amnon sa grupo ng Maestro. Sa unang pagkakataon ay nakita niya na nagliliyab sa galit ang mga mata ni Jesus habang nagmumurang itinataboy ang mga mangangalakal na ayon dito ay sinasalaula ang templong tahanan ng kanyang Ama.

Kinagabihan ay humiwalay sa malaking grupo ang Maestro kasama ang Kanyang labindalawang disipulo. Hindi nagpaiwan si Amnon, ngunit hindi niya akalain na ang ginawa niyang pagtulong sa paghahanda ng hapunang yaon ay pinakahuli nang paglilingkod niya sa Maestro... at lalong hindi niya inasahan na marinig mula sa bibig Niya na isa sa kanilang mga naroroon ang nakatakdang magkanulo rito sa mga kaaway. Lahat ay naghinala sa isa't isa ngunit lahat din ay nangagsitutol.

"Hinding-hindi ka namin iiwan, Maestro," halos magkakasabay na wika ng mga disipulo. "Handa kaming mamatay para sa iyo."

"Sinasabi ko sa inyo, sa gabing ito ako'y inyong iiwan ...at ikaw, Pedro, bago tumilaok ang manok sa madaling-araw ay tatlong ulit mo akong itatatuwa," ang naging tugon ni Jesus.

Halos nabangga ni Judas Escariote si Amnon nang tumalilis itong papalabas ng bahay. Hindi na nakuhang itanong ni Amnon kung saan ito tutungo. Sinundan na lamang niya ito ng tingin hanggang sa tuluyang lamunin ng dilim.

Pagkatapos ng hapunan ay niyaya ni Jesus ang Kanyang mga alagad patungo sa Hardin ng Getsemani sa bulubunduking kanluran ng Jerusalem. Sa paanan ng gulod ay iniwan Niya ang karamihan at inatasang sumunod sa Kanya

(Sundan sa pahina 23)




# Mobius Strip

Paulit-ulit nating ilalapat
Ang mga tuhod sa alikabok
Walang silbi, paulit-ulit pa rin
Ang pagguhit ng ating
Mga kasalanan sa pisngi ng ulap,
Iigkas pa rin ang iladong mga salita
Mula sa ating malalansang mga bunganga,
Panay-panay ang ating paghingi
Ng kapatawaran tuwing takip-silim
Walang silbi ang ating dasal dahil
Paulit-ulit pa rin tayong sumasambit
Sa walang mata na mga poon
Sa kaluwalhatian ng ating pagkukunwari
Naghuhugas-kamay, nagtuturuan tayo
Kung sino ang kasunod sa isasakdal,
Kung sino ang kikitilan nang buhay
Pinagparte-partehan pa rin natin
Ang lupa, dagat, hangin
Dahil ikaw at ako ay mga ganid na kaluluwa
Umaalagwa ang ating kasalanan
Sa pusali, sa baradong mga estero
Sa madilim na sulok ng ating mga utak
Sinisila natin ang ating mga sarili
Walang silbi, paulit-ulit pa rin
Ang pagguhit natin ng abo
Sa ating mga noo.
Paulit-ulit, paulit-ulit...

**- RICHEL G. DOROTAN**